

# MAGING TAGAPAGSALIN NG WIKA SA KORTE NG CALIFORNIA

Ang wika mo ba ay iyong superpower? Maging bahagi ng komunidad ng mga tagapagsalin sa korte, magtrabaho na may sahod, benepisyo, at retirement package, habang nagbibigay ng mahalagang serbisyo sa pinakamalaking sistemang panghukuman sa bansa.

## 1 MAG-ARAL

Matuto tungkol sa sistemang panghukuman, bumisita sa iyong lokal na korte, at panoorin kung paano isinasagawa ang legal na pagsasalin. Paunlarin ang iyong kasanayan sa wika at pagsasalin sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga legal na glossary at pagsasanay sa iba't ibang uri ng pagsasalin.

## 2 PUMASA

Upang maging sertipikado, kinakailangang pumasa ka sa Written Exam sa Ingles. Kailangan mo ring pumasa sa Bilingual Interpreting Exam na may apat na bahagi sa isang upuan. Karaniwan, ang panahon ng pagsusulit ay nagsisimula tuwing tagsibol at nagtatapos sa taglagas.

## 3 MAGPATALA

Kapag matagumpay mong naipasa ang Written at Bilingual Interpreting Exam, maaari kang magpatala sa Judicial Council bilang isang sertipikadong tagapagsalin sa korte. Kapag nakapagpatala ka na, maaari ka nang mag-apply upang magtrabaho sa mga korte ng California.

**Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa:**
**https://languageaccess.courts.ca.gov/court-interpreters-resources**